**Abner Dormiendo**

# Portrait of a Lady (Unfinished)

Mapapansin agad sa gawa ni Amorsolo ang larawang
Nahahati sa dalawa, kung saan kumpleto ang mukha
Sa itaas na bahagi, sapat ang pagkakalingon ng ulo
Upang makita ang kabuuan ng ekspresyon ngunit malinaw
Na hindi nito balak makipagkilala sa kung sino man
Ang nais magmasid. Nasa mata ang lahat
Ng hindi nito masabi, paano itong nakatitig
Sa malayo bagaman mukhang walang tinititigan.
Kung mayroon man, kung magiging indikasyon
Ang nasa likuran ng hitsura ng silid, malamang
Nakamasid ito sa bagay labas dito, marahil
Isang bintanang nilalagusan ng araw—tatak
Na liwanag nitong dibuhista—na sukat makatanglaw
Sa balat ng binibini ngunit di sapat para lunurin
Sa kalinawan ang larawan. Sa ibabang bahagi,
Ang naiwang puti, ang di-makilalang sakit
Na gumagapang sa katawan ng pinta,
Bakas ng anay sa arkitektura ng representasyon.
Hindi kailangang tingnan sa malapitan upang mapansin
Ang badha ng lapis na iniwan ng dibuhista,
mga parilyang sumusuhay sa ideya ng pagpaplano
Na sa di inaasahang paglisan ay di na nakarating
Sa kaganapan. Ngunit totoo ang mga kamay
Na nakatutop sa isa't isa, di man nakulayan.
Tunay ang kung ano man ang inililihim
Sa pagitan ng mga palad. Bahagi ang hinaharaya
Ng suma total nitong tinatawag nating
"Tunay na buhay" tulad kung paanong
Magkasingtotoo ang bituin at ang konstelasyong
Binubuo natin dito, gaano man kaarbitraryo
Ang mga ito kung tutuusin. Sa dulo ng argumento,



likhaan 13 inside pages 102419.indd 148 10/25/2019 2:07:13 PM

Bibilangin natin ang mga barkong naisalba
Nang dahil dito at hindi kung kaninong batas
Ng paglikha ang dapat itakda bilang
Pangmalawakang pamantayan. Hindi ibig sabihin
Na kanya-kanya lang ng paraan ng pagtingin
Ang mundo; kung gayon makakahon lang tayo
Sa kani-kaniyang kuwadro, walang posibilidad
Ng pagtingin sa kabilang dako. May mga puwang
Sa pagkakasundo ng karanasan. Nagsasabi ng totoo
Ang panaklong: hindi tapos ang obra, ano man
Ang sabihin ng mga makata't akademiko sa iyo.
Tulad ng kung ano ang likas sa atin, maaari nating
Punan ang espasyo base sa lagay ng kasalukuyang
Estado nito: kung ihahawa natin ang kahel
Na bestida sa pinsel ng ating isip,
May dumaragdag sa ideya natin ng pinta,
Ngunit walang nadaragdag sa ipinapahiwatig
Ng larawan. Nakakuwadro na ang nakakuwadro,
At wala na tayong mababago rito
Nang hindi binubugaw ang matagal nang
Lumaong maysabulag na kamay ng pintor.
Nagawa niya ang kaya niyang gawin,
Hanggang doon na lamang iyon, at wala sa ating
May karapatang makibahagi sa kaniyang kakanyahan.
Hinuha na lamang ang bubuhay sa dibuho
Nang walang ginagambala sa nagdaan.

Isang tulay ang umaga sa pagitan ng nagdaan
Na panaginip at ng pangkaraniwang doon,
At kada dumaraan tayo dito, parating may manipis
Na lambong ang paligid, wari'y kulambong



likhaan 13 inside pages 102419.indd 149 10/25/2019 2:07:13 PM

Hinabi ng liwanag at usok. Nakakakita pa rin tayo
Ngunit palaging may nakahambalang na pumipigil
Upang makita natin ang mga ikinalat ng sirkumstansiya
Para sa ating kani-kaniyang sining o di kaya'y
Sa agarang paggamit natin sa kanila. Siyempre,
Hindi mo puwedeng pagsabayin ang dalawa
Bagaman nagsasanib sila sa iisang katawan
Sa lahat ng oras. Isa-isa lang ang pagdanas—
Una bilang bagay, sunod bilang obheto ng pagtingin.
Pati ang sariling nakatitig, pansinin mo,
Ay biglang magkukubli sa likod ng sariling
Pinagmamasdan upang masdan pabalik
Ang sariling nakamasid sa sarili, mga ahas
Sa panaginip ni Kekule na alinsabay
Kung sirain at buuin ang konsepto ng pag-iral
Sa isip nito. Hindi ito ekstraordinaryo.
Parikala ng penomenon ng pagiging narito
Ang rupok ng atensiyon. Lakarin mo
Sa isang linya ang panahon at makikita mong
Nagbabago ang ganap ng dahon
Sa tuktok ng mga puno. Lumingon ka sa dinaanan
At sa isang iglap maiiwan silang panandaliang alaala.
Kung tatanungin kita kung ano ang hitsura nila,
Iuuwi mo ang lahat sa pang-uri o talinghaga
Bilang sagot na makapagpapalubag sa likot ng pag-uusap.
Hindi mo kasalanang nakabuhol na sila
Sa makalumang kategoryang inilatag na sa atin
Ng mga namayapa nang pilosopo. Hindi natin
Dakilang tungkulin ang kalagin sila, dahil sa proseso
Lilikha lang naman tayo ng panibagong kulungan.
Ano ba naman ang salita kundi kuwadro ng mundo,



likhaan 13 inside pages 102419.indd 150 10/25/2019 2:07:13 PM

Na ngayon ay alaala lamang sa mahaba nating pagtawid
Sa lagusan ng ngayon. Ilarawan mo ang ngayon
At isa lamang aproksimasyon ang mabibigkas,
Tulad ng lahat ng pagbigkas, paghuhumigit-
Kumulang hindi sa bilang ng mga sandaling
Kumokorona sa pagsasanga ng panahon kundi
Sa pagkilos nila sa isang buntonghininga ng sandali.
Hindi pa natin binibigyan ng sapat na konsiderasyon
Ang iba pang bahagi ng kalsadang ito: ang ibang puno
At ang hindi-puno na kapwa okupado rin
Sa kani-kanilang padron ng pagkilos, sila man
Ang nagtakda nito o hindi. Sa ganitong pagsinsin
Sa nakasanayan nakalalaktaw ang isip
Mula sa kasaganaan ng kasalukuyan patungo
Sa iba pang bahagi ng topograpiya ng oras. Oo,
Sa isip lang, tulad nang kung paanong mahihinuha
Ang gusali mula sa kaniyang kalansay
(Sa pagkaguho man o sa pagbubuo),
O, tulad sa museo, kung paano hinahanay
Ng kurador ang mga buto upang may maimungkahing
Anatomiya ng isang lipol nang hayop o makalumang tao.
Kaunting saglit lang at tutungo tayo doon.

Na saglit lang ang daan patungo doon
Ay napakadaling sabihin, at hindi kasinungalingan
Kung titingnan sa malawakang pananaw,
Na mula sa kapatagan ng lupa at dagat malawak
Ang puwang ng isla sa isla ngunit kumpol-kumpol
Sila mula sa ibabaw. Lumayo ka pa at makikita mo
Ang daigdig sa kung ano ito, isang bahagi na binubuo ng
Walang-katapusang bilang na tuldok. Palayo nang palayo



likhaan 13 inside pages 102419.indd 151 10/25/2019 2:07:13 PM

At iisa lang ang takbo ng sanlibutan. Lumapit ka
At ganoon din ang sistemang umiiral
Sa mga kagaw ng mundo, hanggang sa pinakakaibuturan
Ng mga atomo. Walang palaisipan sa ganitong
Analohiya, bagaman hindi isang pagkakamaling
Ituring pa rin ang lahat bilang isang siyensiya.
Kung ito ang disenyo, bakit ganito?
Isang paraan ng pamumuhay na malay
Sa pagiging tuldok-tuldok lamang
Ngunit hindi nababagabag, tulad ng madla
Sa larawan ni Seurat, nakakatitig pa rin
Sa ilog kahit ganito, nakakahimlay sa damuhan
Nang tila hindi dapat ito suliranin. Hindi dapat ito suliranin.
Tutumbalik din ang lahat sa isang punto,
Lilikha ng panibagong ayos nang iba
Sa nakasanayan (matagal pa bago maulit ito
Ayon sa mga eksperto, ngunit muli,
Perspektiba lang ang lahat.)
Ang ulap na walang iniiwang bakas
Sa eskinita ng langit, ang ilog sa ilalim
Ng tulay ng panahon. Ang balangkas ng siyudad
Na balangkas ng lahat ng siyudad. Inaabangan mo
Ang pagtubo ng asero mula sa kasalukuyang
Talahib nang hindi binibigyang-gunita
Ang mundo bago ang talahib. Sino ang nagsabing
Hindi ito ang natural na daloy ng mga bagay?
Muli, tulad ng kinabukasan, haka-haka lamang din
Ang kasaysayan. Balikan ang lahat ng kuwadro
At sabihin kung saan unang lumapat
Ang pinsel, anong kulay, patungo saan.
Alam mo lamang ang mga direksiyon,



likhaan 13 inside pages 102419.indd 152 10/25/2019 2:07:13 PM

Ngunit mahirap tukuyin ang pinagbuhatan.
Mas madali ang hinaharap kaysa nakaraan
Kaya doon tayo humaharap. Pinupuno tayo
Ng posibilidad ng isang uri ng pagkabalisang
Maaaring takot o pananabik, ngunit iisang
Damit lang ang isinusuot ng ligalig
Sa ating kaluluwa, malamig at manipis,
Tila anumang oras ay bibigay at madaratnan tayo
Ng mata ng nagdaang nahubdan na, at pilitin mang
Magtakip ay nakita na tayo't nahusgahan.
Hindi natin sila matingnan mata sa mata,
Kaya ibinabaling natin ang tingin sa malayo,
Doon sa kung saan ipinapangako ng liwanag
Ang kaniyang pagsaklob sa ating kahubaran.

Huwad na silid: narito ang upuan, isang mesita, tubo
Ng pinturang binuksan at pinisil, hinugutan ng kulay,
At ibinaba upang hindi na masara, mga pinsel na
Nanigang nang hindi naibabad sa tubig. Sa harapan
Ng kuwadro isinaayos ang mga kasangkapan
Na isang replikasyon ng istudyo ni Amorsolo.
Kung bakit ay hindi na mahalaga. May isang araw
Sa kalagitnaan ng paglikha ng daigdig, tumigil
Ang Bathala at nagwikang heto na lang muna
Sa ngayon. Ngayon hindi natin alam
Kung saan siya nagtungo o kung babalik pa siya.
Ngunit ito ang naiwang sistema, sira man
At hindi buo. Kolaboratibo ang pagkilala natin
Sa dalumat ng bawat bahagi nitong tinatawag nating
Buhay, kaya mahalaga ang dakilang palkong
Masasabitan natin ng ating nagawa't hindi,



likhaan 13 inside pages 102419.indd 153
10/25/2019 2:07:13 PM

likhaan 13 inside pages 102419.indd 154 10/25/2019 2:07:13 PM



Ang maitanghal ang sarili sa pasilyo ng mundo,
Pati na ang mga naipit sa pagitan ng walang-
Hanggang proseso mula rito patungo doon,
Ang barko at ang daong pati na rin ang dagat,
Ang mapa ng tinungo at ang alaala ng pagtaliwas
Sa itinakdang ruta. Madaling dumaan nang hindi
Kinikilala ang mga sityo ng paglubog,
Nang hindi kinikilala ang nasawi, bagaman
Sa likuran ng pagrerebisa ng kalakaran,
Malaki ang epekto nito sa ating pagkikilusan,
Lingid man sa karaniwang tao ang ganito.
Kapag namasdan mo ang repleksiyon ng sarili
Sa tubig, ang iyong repleksiyon at wala nang iba,
Maiaahon mo pa ang iyong ulirat at makapagpapatuloy
Nang matiwasay. Ngunit lagpas sa karayagan
Ng mga bagay, hindi ka na makaaahon pa
Nang hindi inaabandona ang responsabilidad
Na di man gustuhin ay aksidente at awtomatikong
Iniaatang ng guho sa balikat ng sinumang titingin.

Ganito ang latag ng liwanag sa iba pang pinta
Ni Amorsolo: malikmata lamang ang sandali
Ng tanglaw, na hinuhuli ng pisngi-pisnging
Mangga sa kariton, kaliskis ng ilog, bilao't buslo,
Ngunit parating sinasala ng mga puno't tagabaryo
Kaya lumilikha ng balanseng komposisyon.
Kahit sa mga dibuhong ginawa niya noong
Ikalawang Digmaang Pandaigdig, may ibinubuong
Sariling pangangatuwiran ang usok, dalawang panig
Ng argumentong pinag-iisa sa imahen ng bayang
Nasa bingit ng pagkaguho ngunit hindi nakararating

Dahil habang-buhay nang ipinako sa sansaglit—
Tumitingkad ang naroroon dahil sa ikinukubli.
Sa ilalim ng rabaw ng ayos ay ang lohika ng ayos,
At lagpas sa pasikot-sikot na silid ng museo'y
Ang tema ng palabas na kurador lang ang nakakaalam.
Binabago natin ang ayos ng muwebles ng bahay
Sa pag-asang may panibagong katotohanan
Tayong mababangga, isang testamento
Sa espasyo at sa paulit-ulit nating
Paglabag sa altar ng ganitong kadalisayan
Dahil alam natin sa pinakatahimik na silid
Ng ating kaluluwa na entropiya
Ang kaubod-uburan ng lahat ng bagay
Maganda man o hindi. Saka lamang tayo
Makababalik sa paulit-ulit na ipinapangako
Ng anumang anyo ng sining na inaari ang sarili
Bilang ganap at buo, at buong-lakas
Na maitatanggi ang kanilang bersiyon
Ng "totoo". Itong "totoo" na ito
Ang umiiral na dominanteng katuwiran
Na siya nating dapat isalang sa ilalim ng mesa't
Pasadahan ng mahaba-habang interogasyon,
Sansalahin dahil siya ngang laganap,
At kumikilos ang madla sa kaniyang operasyon
Nang tila pabrika na ang nilikhang kahulugan
Ay ang siya rin mismong kahungkagan
Ng gawain. Iniaangat natin ang halaga ng proseso
Hindi ng produkto sa anumang transaksiyon,
At bahagi rito ang pagsuko sa sukdulan
Ng mga bagay sa ilalim at labas ng kuwadrado
Nating buhay. Orisonte lamang ang nagbibigay-buhay



likhaan 13 inside pages 102419.indd 155 10/25/2019 2:07:13 PM

Sa orisonte. Paulit-ulit na ididiin ng bawat bagay
Na may gilid ang kanilang pagkakaroon ng gilid,
Relatibo lamang sa kung saan ito tumatahan sa bawat
Lugar at panahon. Nagbabago ito, siyempre,
At hindi iyon ang punto. Tatawid muli tayo
Sa tulay kung tatambad uli ito sa ating harapan,
Ngunit titindig tayo sa harap ng di-tapos na obra
At magiging testigo sa kaniyang pahiwatig
Sa ngayon at dito, ang mapasailalim
Sa lambat ng ilusyon ng isang habang-buhay
O dalawa, gaano man kabilis ang pagdaan nito,
At maipangako ang sarili sa atensiyon
Ng paksa bago tayo tuluyang tumalikod
Palayo sa kaniyang direksiyon, at sa wakas
Magsanib ang tinitingnan niya sa tinitingnan natin,
Itong balag ng sariling ginagapangan ng panahon,
Sekretong plataporma kung saan nakakalang ang lahat.



likhaan 13 inside pages 102419.indd 156 10/25/2019 2:07:13 PM